**Presidential Communications Operations Office**

**Presidential News Desk**

**TALK TO THE PEOPLE OF**

**PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE**

**ON CORONAVIRUS DISEASE 2019 (COVID-19)**

[24 March 2021]

**PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE:** Good evening, everybody. May kakaunting issues lang kaming i-raise para sa lahat.

Ang unang-una, may listahan ang WHO nung parang kolatilya na magbigay kami then they give us a list of the persons who should be given the vaccine first --- first jab. May mga grupo-grupo na tao.

Ako naman, I remember that when we were discussing about the loans that we are applying for sa DBP --- ah no Asian Development Bank rather and World Bank --- as we were discussing it, I gave a list of priority in the ladder kung sino ang mauna.

But apparently this was not complied strictly. Eh ang mahirap nito ang nagbigay ang WHO, 'yong COVAX, eh donated 'yan. So tinanggap natin knowing fully well that we have to honor the conditions attached thereto. Ang nangyayari ngayon hindi nasusunod kaya magalit 'yong mga health workers na dapat mauna, 'yong mga nurses, doctor, health workers.

Ito 'yong tinatakutan ko noon. I remember very well admonishing everybody that the priority sa pagbigay ng bakuna ay ito ang masusunod, wala pa 'yong COVAX. Iyong akin lang sabi ko 'yong mga vulnerable, walang trabaho, 'yong may mga sakit at baka maagapan. So I made a list I for --- but they are all here included in the list of priorities including the WHO conditionalities.

Hindi nasunod kasi may iba ang balita ko naibigay sa mga anak ng mga artista at iba pa. Iyong the favored few always. The penchant, the penchant for… Kaya nga eh, kaya nga kayo nagtatanong bakit kaya masyadong atat sa military wala mang alam 'yan? Hindi man ito --- this is a mechanical act.

It is not a study of medicine. Ano ito parang transaction sa negosyo kaya tinawag ko si Galvez, Secretary, para siya ang magdala.

You need not be a doctor here 'coz you are transacting a business. It is not really a matter of medical science that you are talking of. So mayroong mga tanong nila sa akin: *"Bakit ka Duterte mahilig ka sa military?"* Sabi ko na nga hindi… Remember sabi ko 'yong pera, sabi ko 'yong pera 'yong Pantawid mag-abot talaga sa mga beneficiaries. It turned out later that some non-beneficiaries or hindi kasali nabigyan and worse 'yong iba nakihati pa ang barangay captains.

Well, I'm sorry to say that 'yong umabot sa amin nakademanda na and it is really --- kaya hindi pa naibigay kasi kinuha na ninyo that is malversation of public funds.

Ito ngayon, alam ninyo 'yong… Naintindihan ko, I understand fully well the psyche of the Filipino. We want to please everybody especially friends parang uunahin natin, parang baka --- us first tapos sila. Iyan that's a --- that's the penchant of Filipinos.

Ngayon dito maraming non --- na wala sa listahan, not in the priority and were given the vaccines. Nandito 'yong mga pangalan hindi ko na lang basahin. I will just let the Department of Health deal with you sa panahong pagkatapos nito. God willing kung at least mabakunahan na lahat, okay na.

Do you know that there are 1.7 million? Iyan sila ang nauna. In the frontline, frontline workers in the health facilities both national and local; private and public health professionals; mga doctor; nurses sa ospital, diyan sa labas nagtatrabaho; and nonprofessionals like students, nursing aides, janitor, barangay health workers kasi sila 'yong lumalapit. Ito namang mga estudyante, estudyante ito ng mga nursing at ang mga doktor.

Tapos ang sunod, the senior citizens aged 60 and above. Disqualified na ako pati si Secretary Lorenzana. Hindi na kasa --- hindi na kami kasali. So dito palang sa first group, itong frontline health workers, they are --- they number about 1.7 million. Tapos ang natira sa atin about siguro mga 400,000. Naibigay na.

Ang sunod are the senior citizens aged 60 --- 75 na ako --- and above pagka may takot, we have to consult our doctors. Persons with comorbidities not otherwise included in the preceding categories. Iyong mga masakitin, afflicted with sickness and sickly, iyong may mga sakit. Frontline personnel in essential sectors, uniformed personnel, and working sectors identified by the IATF as essential sa bakuna. Ito 'yong mga dapat mabigyan. Then the

indigent population not otherwise included in the preceding categories, 'yong mga mahirap. Then teachers, social workers, and then government workers and other essential workers, socio-demographic groups that significantly high risk other than citizens and indigenous people. Iyong malayo, far from the madding crowd --- sa mga doktor. Overseas Filipino workers and then remaining workforce, and then last the rest of the Filipino population not otherwise included in the preceding groups.

Alam ko mahirap ito and I said I know --- I understand fully the psyche of a Filipino. Magsabi, "Halika, halika dito, sumingit ka diyan, diyan," mga ganoon. Iyan 'yang style ng Pilipino. Ang problema dito pa lang tayo sa first group, silang lahat buong Pilipinas, they number about 1.7 million. Ang ating stock naiwan diyan is about --- I do not know the inventory, can I ask the Health Secretary?

**DOH SECRETARY FRANCISCO DUQUE III:** Magandang hapon po --- ah magandang gabi po, Mr. President and fellow Cabinet members; Senator Bong Go, Chair of the Senate Committee on Health; magandang gabi po sa lahat ng ating mga kababayan.

As of March 23, Mr. President, ang nai --- naiturok na po natin, nabakunahan natin ay 508,332 which is 62 percent. Ang katumbas po nito 62 percent, sir.

**PRESIDENT DUTERTE:** Of the first group only?

**SEC. DUQUE:** Yes, Mr. President, and first dose only kasi mayroon po tayong second dose after 28 days, Mr. President.

So ang --- ang natitira pa roon --- pa ho natin kasama 'yong 400,000 kaninang dumating will be about mga four --- mga 900,000 pa ho ang natitira na doses. But this is not enough because the total delivery which is about 1,525, 600 ---

**PRESIDENT DUTERTE:** Of the first group?

**SEC. DUQUE:** --- of the first --- first group, Mr. President. Iyan po eh 'yong total na dumating is only about 30 percent of our requirement for the 1.7 million healthcare workers. Eh times two pa 'yon, Mr. President, 3.4 million ang kailangan natin na doses.

So kulang na kulang talaga 'yong bakuna sa ngayon, Mr. President. So kailangan po talagang sundin 'yong atin pong priority listing na inyo pong

binasa, Mr. President, para maging maayos po ang ating bakunahan program.

**PRESIDENT DUTERTE:** Let me --- let us, rather, trace the travel of the bakuna. Sino ang magpadala doon sa mga probinsiya? Who's the guy in charge?

**SEC. DUQUE:** Mayroon po tayong DOH Supply Chain and Logistics Management Office. Iyon pong lahat ng bakuna sa ngayon ay dini-deliver from the airport to the MetroPac sa Marikina po. May malaking storage facility, which is plus two to plus eight degrees centigrade 'yong lamig kasi hindi pupuwedeng hindi ho masunod 'yong temperature, sir. So kinakailangan talaga mahigpit po 'yan.

**PRESIDENT DUTERTE:** So ang… Just give me the travel of the bakuna downwards.

**SEC. DUQUE:** Okay, so 'yon pong galing sa MetroPac, pupunta po 'yan sa --- halimbawa sa NCR. Sa NCR po, mayroon tayong region --- DOH regional office tapos mayroon pong allocation 'yan sa mga iba't ibang mga hospitals. Iyon pong number one na COVID-dedicated hospitals, iyan po ang pupuntahan ng bakuna.

Iyon pong mga COVID referral hospitals naman po, diyan din pupunta 'yong mga bakuna, sir. Iyon pong mga Level II and Level I hospitals, lahat po ng mga healthcare workers dito po sa mga lugar na ito, sila po ang uunahin, Mr. President.

So ganoon din pagka dinala naman po sa CALABARZON, IV-A, ganoon din po mangyayari. From the DOH region, bababa po 'yan sa mga hospitals sa Region IV-A. Ganoon din po sa Region III, Mr. President.

So mayroon na po tayong distribution channels. Nade-deploy po natin lahat itong mga bakuna to the intended facilities and also a master listing of the intended beneficiaries or vaccinees, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** If somebody goes wrong, who's to blame dito sa Manila? Sa…

**SEC. DUQUE:** Dito ho sa Manila, ah 'yong chief of hospital.

**PRESIDENT DUTERTE:** City health?

**SEC. DUQUE:** Oho at saka city health officer ho para sa kanilang mga health

facilities under their LGU jurisdiction.

**PRESIDENT DUTERTE:** Because when once the vaccines are downloaded to them ---

**SEC. DUQUE:** Yes, sir.

**PRESIDENT DUTERTE:** --- sila ang --- they have the responsibility to take care of it.

**SEC. DUQUE:** That is right, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** Ayaw kong --- ayaw ko kasing… Alam mo, ordinarily it is just a very small, it's trivial actually under ordinary times. But in times like these, when we are only the donee sa mga donor at tinanggap natin 'yan with the conditions attached thereto, dapat sundin natin.

Kasi sinabi na sa atin ng country representative ng WHO, if you do not follow the list of priority, you might lose the assistance of the WHO. It was made clear to us na ganoon ang pagkasabi, okay.

Dito nangyari ito sa… Ikaw na ang bahala.  Ayaw ko na lang magpangalan ng tao. It happened in the --- sa Parañaque. So anak ito ng artista. Kayo na ang bahala mag-imbestiga nito. Then kung matapos na ito, let the --- your legal office handle the… Or idiretso mo na lang sa --- make a report out of that incident and idiretso mo na lang sa Ombudsman. Mas mabuti, mas madali.

**SEC. DUQUE:** Mr. President, if I may.

**PRESIDENT DUTERTE:** Yes.

**SEC. DUQUE:** Kasama po natin dito ang DILG kasi under po sa DILG 'yong may jurisdiction po sila. So sila po ang nagpapadala ng show cause letters dito po sa mga taong lumabag doon po sa ating priority listing.

**PRESIDENT DUTERTE:** Do you think that that is possible? Because 'yong mga --- ang sama mo --- the ultimate person responsible for this are the health workers, city health workers, provincial health workers.

**SEC. DUQUE:** Iyong mga officers ho na… Opo, sir.

**PRESIDENT DUTERTE:** Empleyado mo ito eh.

**SEC. DUQUE:** Oho. Hospital chiefs, yes sir, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** So to make a story --- a long story short, mag-execute na lang ng affidavit and why --- result of the investigation, and then send it to the Ombudsman.

Mayroon ring mga show cause orders issued versus five mayors who jumped COVID-19, the vaccine line. Ito 'yong sumingit. Actually, ang number one dito is Mayor Alfred Romualdez of Tacloban City, Leyte; then you have Mayor Dibu Tuan of T'boli, South Cotabato; then Mayor Villalobos of South Cotabato; Mayor Noel Rosal of Legazpi City, Albay vaccinated March 16 --- nandito 'yong date ng ano nila --- Mayor Abraham Ibba of Bataraza, Palawan.

Ang sabi nila na… Ito 'yong mga ang rason nila I think that is universal excuse na para hindi matakot 'yong mga constituents. Well, ako, medyo gray area 'yan na dapat talaga ang una 'yong mga… Whether or not if they jumped the COVID-19 line of vaccination would require a certain amount of a legal study. So 'yon lang po. Sila 'yong may show cause order. Bakit sila ang nauna? Instead of following the --- seeing to it that the list is followed religiously at hindi nasunod.

Mayroon ring dagdag pala dito: Mayor Elanito Peña of Minglanilla, Cebu; Mayor [Victoriano] Torres of Alicia; Mayor Virgilio Mendez of San Miguel; and Mayor Arturo Piollo II of Lila also. And iyong iba hindi pa na --- tinutukoy pa nila.

Ako nito, itong mga opisyal, if the purpose is really to show to the constituent --- constituency that it is safe, may ano ako --- hindi ko ma-ano masyado. I said there's a gray area there.

Kasi nga noong una sinasabi magpaturok ako, dapat ako ang mauna. They forgot that ako 'yong sa mga --- category ko is 'yong hindi na nga kailangan eh, hayaan na lang kami.

So I had to wait for --- I'm waiting for the... Kung magdating, kung makabili ka sa labas. Kung hindi naman, I can wait. That's the... It's not a sad story but it's a commentary of our times. Marami talagang problema nag --- sumusulpot diyan sa whatever.

Noong sa pera, nag-warning ako before. Sabi ko, *"O tandaan niyo 'to ha."* And yet, many ang nademanda because they malversed the funds or hinati nila, hiningi. Shortchanging actually ibigay dapat, kinunan.

Well, that is kung galing na sa kamay, nakalista na doon, natanggap niya, that is estafa or other forms of swindling. That is Article 318 sa Revised Penal Code, other form of deceits if it does not fall squarely on the crime of estafa.

For the information of everybody, ngayong gabi dadating 'yong... Is it tonight? Darating 'yong four...? *[Senator Bong Go: Sir, kaninang alas syete ng umaga mayroon, sinalubong po namin.]* Ah, the remaining 400,000? Ang dumating, puro donation. China gave 500,000 plus then they made it --- they rounded it to a million.
So may bakuna pero hindi binayaran ng pera ng gobyerno. Iyong AstraZeneca na binigay ng WHO, magkano 'yon lahat, Secretary?

**SEC. DUQUE:** Iyon pong dumating na AstraZeneca, 525,000 doses po, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** So donated rin 'yon?

**SEC. DUQUE:** Yes, Mr. President, through the COVAX facility.

**PRESIDENT DUTERTE:** So sa mga kaibigan ko, just to refresh your memory, every time we meet here, I have --- I've stressed the point that ang dumadating puro donated by the WHO and China. Wala pa tayong bakuna.

Sabi niyo, *"Saan ang bakuna?"* Bakunang nabili? Wala. Wala tayong bakunang nabili. Wala pa. Kung magdating man, mga next week siguro then that would be the time that they would notify the --- kayo.

Si Secretary Galvez will ring the bell for the World Bank to record it at iyon ang babayaran. Babayaran nila doon sa nabili natin. I think it's China, one million. Iyong one million, binigay 'yon. We are expecting another one million na galing China.

Ito kasi parang nahiya na tayo eh. Pinag --- bibilin na natin 'to. So that is the time na... May bakuna? Mayroon. Ito gamit ang kwarta (money) ng tao. May bakuna, nasaan? Wala. Mayroon pero hindi bayad sa taong-bayan. Just to complete the story kasi mahirap tayong magkaintindihan dito eh.

Wala pa hanggang ngayon at this very moment. And up to this time, there is no bakuna na binili natin na dumating. Wala pa 'yan. Medyo malayo pa. But next week or hopefully the week after. Basta sana I pray that it would happen within the month of March. That is para ma-ano ng tao na...

Kasi kung ang hinihingi pa lang ang bakuna, may bakuna. All we have to do is to ask Secretary Galvez and he would give you the rundown. Ganoon lang kasimple. Hindi naman mahirap 'yan na ano. It's not ea --- it's not hard to solve. Secretary Galvez is just one call away and everybody will get enlightened.

I will not add more kasi sabi issue lang issue, o sige. Kasi kung issue, then if we are talking of a bakuna, *"Sir, nasaan ang bakuna?"* Magsabi mo: *"Bakit? Na bili? Wala."* May bakuna, hindi natin binili. Binigay pa hanggang ngayon.

So we have only to thank China and the World Health Organization for helping us out in our predicament at the moment.

The approved loans are here. I have a list coming from a senator. Approved lang ito, list. Approved list lang ito, hindi ito pera na binigay kasi pambayad nga doon eh. It's the World Bank who will pay. Papel lang 'yan eh, all paper.

So we go now to the usual ano mo. Report mo, Secretary Duque.

**SEC. DUQUE:** Thank you, Mr. President. Salamat po, Ginoong Pangulo. Ako po'y magbibigay muli ng atin pong pinakahuling COVID-19 situation.

*[Can we have the first slide? Iyong unang slide po. Iyan po.]*

Ngayon ika-24 ng Marso 2021, mayroon po tayong nadagdag na mataas na naman po na kaso: 6,666 na mga bagong COVID cases. At sa bilang na ito na naidagdag sa ating mga kaso po, ang pinakamalaking bahagi nito ay 3,758 ay galing po sa NCR; 1,085 naman po mula sa Region IV-A; at 712 mula po sa Region III. At ang natitirang 1,111 po ay nanggaling sa mga iba't ibang rehiyon.

At para naman po sa ating mga aktibong kaso. Ang kabuuan po bilang ngayon ng araw na ito ay nasa 91,754 active cases or 13.41 percent ng ating mga kabuuang kaso. Ito po ay tumaas ng halos tatlong doble. Dati po, ang ating active cases ay nasa mga four to five percent lang po. Mga 20,000 plus ang pinakamababa po natin. Ngayon po, sumipa ng 91,754.

Ngunit ang atin pong recoveries ay umabot na sa 579,518, at ang atin pong recovery rate ay bumaba po sa 84.7 percent. At ang bilang po ng mga pumanaw ay nasa 13,039. Ang atin pong case fatality rate ay nananatiling nasa 1.9 percent. Bumaba din po ito mula sa 2.05 percent noong mga apat na linggo nakaraan.

Dito po naman makikita natin, Mr. President, na although mataas po 'yong ating active cases na 90,168, ang katumbas ay 98.3 percent, makikita po rito na pinakamalaking porsiyento nito mild, mga 92 percent po iyan; ang asymptomatic po mga 4 to 5 percent; tapos ang atin pong severe or critical ay sana po ay manatili lang mas mababa pa hanggang sa maaari na nasa 1.7 percent lang po, a total of 1,586.

*[Next slide.]*

Ito po 'yong atin usual epidemic curve ng atin pong COVID cases. At gaya nang nasabi ko po, umabot nanaman sa isang napakamataas na bilang: 6,666. Kahapon, medyo nababa nang kaunti, 5,674 o 76,  ang kaso na naitala. At puwede pa rin ho itong tumaas, Mr. President, kung hindi po maghihigpit na sundin ang atin pong mga additional restrictions and minimum public health standards.

Muli, sa pangunguna ng atin pong One Hospital Command Center or OHCC, at sa pakikipagtulungan ng atin pong mga local chief executives sa mga lugar sa ilalim ng NCR Plus --- kasama po ang Bulacan, ang Rizal, ang Cavite at Laguna --- tayo po ay nagpupursige na mapanatili ang sapat na bilang ng mga kamang pantugon sa mga kaso sa mga hospital man o maging sa mga quarantine at isolation facilities ng mga iba't ibang lokalidad.

Hinihingi din po namin ang tulong at kooperasyon ng bawat mamamayan, atin pong mga kababayan, upang suportahan ang laban natin kontra COVID-19.

Protektahan po natin ang ating mga sarili at mga mahal sa buhay sa pamamagitan ng pananatili po sa bahay, paggamit ng face mask, at palagiang paghuhugas ng kamay at paglilinis ng mga frequently touched surfaces, 'yon pong mga madalas hawakan na mga gamit.

Ang digmaan pong ito ay talagang laban sa COVID-19 at 'yong tinatawag nating battlefield nasa katawan po ng bawat mamamayan.

Ito pong kalaban na ito ay hindi katulad ng Abu Sayyaf o 'yong mga ibang mga kalaban natin ng ating lipunan, ang kalaban po natin dito hindi natin nakikita, hindi po natin naaamoy, hindi po natin natitikman. Bago pa natin siya maramdaman, minsan nagiging huli na po, ibig sabihin nagkasakit na po tayo at tinalo na po tayo nung COVID-19.

Kaya tayo po ay nananawagan sa atin pong mga kababayan na ang pagsunod po at pagtalima sa atin pong mga minimum public health standards, 'yon pong wearing of mask, of face shield, physical distancing, at siguraduhin na sapat na bentilasyon po ang mga lugar na pupuntahan, ilagan po ang mga crowded places, closed space, close conversation, at huwag pong nagbababad sa mga lugar. Kung mayroon po kayong mga pangunahing pangangailangan na bibilhin, halimbawa, siguradong huwag po kayong tatagal ng labinlima hanggang tatlongpung minuto para po ang tiyansa na kayo ay mahawa ay talagang maliit.

Kaya kung sundin po natin lahat ito ay nakakasiguro po tayo makakamit po natin ang 95 plus percent protection rate ng atin pong sabay-sabay na paggamit ng face mask, face shield and social distancing at ang sapat na bentilasyon sa mga iba't iba pong mga lugar.

Sa susunod na slide naman po, Mr. President, ay dito po sa lagay naman ng bawat rehiyon sa bansa, nananatiling nasa high risk po ang NCR base sa naitalang two-week growth rate nito na nasa 137 percent at ang average

daily attack rate na 14.9 per 100,000 population habang ang Regions II, III, IV-A at saka VI at CARAGA ay nasa moderate risk.

Mahal na Pangulo, sa lahat ng ito ay umaasa po kami na patuloy na kooperasyon po ng lahat. At muli, maraming salamat po at isang magandang gabi at handa po akong sumagot sa inyo pong mga katanungan.

**DTI SECRETARY RAMON LOPEZ:** Mr. President, Senator Bong Go, fellow workers in government. Ito na po ay isang --- ito ho 'yong pinagdaanan po natin at masasabi ko lang ho dito sa pag --- 'yong tinanong niyo po kanina on commerce and trade, na sabi natin kung titingnan natin the economy has been performing very fast bago pandemic. And nalaman natin 'yong nangyari last year, nakita po natin 'yong pagbagsak ng GDP ng ekonomiya, 'yong kulay pula na box ay minus 16.5.

Pero nakita natin the economy is just starting to recover. Umakyat na po 'yong linya, naging --- 'yong minus 16 naging minus 11 na lang at naging minus 8 na lang at hopefully tuloy-tuloy po 'yong pag-akyat hanggang maging growth.

*[Next chart, please.]*

Another sign na nagre-recover tayo, 'yong unemployment rate, ito po ‘pag mas mababa, mas maganda. Kaya ho noong bago pandemya, nasa 5.4, 4.5, to 5.3 percent of the workforce. Noong pandemya nag-height of the lockdown, bumaba sa 17.7.

Again, unti-unti nang bumaba ito. Ibig sabihin, maraming nakabalik sa trabaho kaya at from 17.7 naging 8.7 percent na lang. At ito po ay malayo pa rin doon sa 5.3 kaya 'yon po 'yong trinatrabaho natin na sana makabalik pa 'yong mga hindi pa nakakabalik sa trabaho. Pero at least galing sa 17.7, nag-improve na po tayo sa 8.7 percent.

*[Next chart.]*

Another sign, ito po, never mind the term but this is about manufacturing 'yong sigla po ng ekonomiya. Nakita natin 'yong paglubog doon, ang sign po dito anything above 50 ay naggo-grow ang manufacturing sector at noong height nung lockdown, nag-31.6, so mababa po pero nakita po natin 'yong nakabilog, 52.5 na po tayo ngayon. That's one sign po na umakyat na ulit. Nakakabawi po tayo sa mga manufacturing. Ito ho 'yong mga gumagawa ng mga produkto natin ngayon.

*[Next chart.]*

Isa pa rin pong indication sa exports, nakita rin natin 'yong pagbaba last year, minus 50 percent 'yong mababa po na 'yon. Ibig sabihin, nangalahati 'yong exports natin pero unti-unti na ring nakaangat at may mga buwan last year, September and November na nag-positive growth po tayo.

*[Next chart.]*

So, ang economy po natin ay tuloy-tuloy nakakabalik, dahan-dahan. We started to reopen last July kaya po nakita natin 'yong mga improvements na 'yon. At napansin din po natin na as the economy started to reopen last July last year, iyong COVID cases po bumababa. So contrary to 'yong kinakatakutan po nang madami na ‘pag nag-reopen ang economy, aakyat ang cases. Pero po, ito po statistics po ito at talagang nangyari sa atin na habang nagbukas tayo last July at further reopening noong August, 'yong mga dotted line po na vertical, COVID cases started to go down until February. Nakita po natin 'yang pulang linya na 'yan until February. Ito po 'yong bago dumating 'yong March na umakyat ulit. Pero mag --- mapapag-isip po tayo, nagre-reopen, bumababa ang cases, So ibig sabihin --- *[next chart]* ibig sabihin po ay maganda naman po 'yong naging performance noong reopening natin at marami hong sumusunod sa mga protocol sa workplace. Ipapakita ko po 'yon.

Ngayong nag-surge in March, marami ho tayong mga update po from DTI, marami ho tayong inisyu rin na mga temporary measure para maagapan itong mga --- itong surge na nangyari ngayong March at iyan po 'yong na-report po natin, suspension nung operations ulit nung mga driving school, mga entertainment, traditional cinemas, video interactive game arcades --- na actually hindi pa ho ito nao-open, magbubukas pa lang sana pero pinigilan natin --- libraries, archives, museums, cultural centers. So binawal po ulit muna 'yan dahil po sa surge. Limited social events. Ibig sabihin, ito po 'yong nili-limit na lang sa essential business gathering. Hindi pupuwede 'yong mga hindi tungkol sa business gathering, except of course 'yong in-announce po si Spox Harry, 'yong kasal, binyag, libing, 'yon po limited 10 people.

And then mayroon pa pong ano dito mga advisory, 30 percent for essential business gathering, reduction of operational capacity rin nung mga dine-in restaurants dahil ang fear po ay baka nagkakaroon nang hawaan doon po sa dine-in restaurant lalo na po kung indoor kaya po at least 'yong dito po sa huling nilabas ng --- Memo Circular, doon po sa pinakababa, 'yong restriction po ay sa --- ang bawal po ay ‘yong air-conditioned, ‘yong indoor na dine-in. Pero ‘yong outdoor dine-in, ina-allow po at saka takeout and delivery.

So bale ni-reiterate po natin na isasara rin muna itong mga gyms, fitness centers, internet cafes, spas and full body massage place dahil, again, ‘yan po ‘yong kinakatakutan na baka may risk din po diyan. But again…

*[Next chart.]*

But again, nakita po natin na ‘yung --- of course, because of the surges in cases --- because of the surge in cases, may temporary closure tayo nitong mga establishments that we mentioned. And --- but ni-limit natin dito sa mga may potential risk and --- so that to allow other parts of the economy to open and safely continue, okay.

But to clarify po, the surge is not attributed to this as pinakita po natin sa chart kanina. We reopened the economy since July 2020 and yet COVID cases went down. Dati ho 4,000 a day to below 2,000 a day. Ibig sabihin, kahit nag-reopen tayo bumaba po ‘yong cases hanggang February.

So nagtataka tayo bakit tumaas noong March? What happened after February 21 --- 2021?

*[So next chart.]*

So ang balita po and of course ang opinion po from WHO, sabi na po mismo nung ating representative po ng WHO dito, which is si Dr. Rabi, ay siguro po ito ay “vaccine optimism”. Ibig sabihin ang naisip po ng tao siguro medyo safe nang lumabas kahit hindi pa naman sila ‘yong na-vaccine.

Pero --- at saka siguro kasama na din po ang matagal nilang pagka-lockdown at napansin ho natin ito dahil ito ho personal experience at mga nakikita natin sa ating mga kaibigan, dumadalas na ho ang mga nagkikita-kita, mga essential --- non-essential gathering at mga physical --- physical meeting, reunion, et cetera, na dati po noong makita natin ‘yong last year cases natin bumababa, napansin natin last year hindi ho masyadong ganito ho ang mga nangyayari.

Kaya ho diyan po sa mga gathering na ‘yan at saka sa mga komunidad na medyo low ang compliance na hindi sinusuot nang mabuti ‘yong mask o kaya walang mask ay ‘yan po ang nagiging sanhi ng ngayong mga new cases ho natin at pagtaas ng cases.

Kaya po napapag-usapan po kanina ‘yong prioritization sa immunization ang amin pong sinuggest (suggest) at ito po ay na-discuss na doon sa vaccine

panel 'yong NITAG, para ho --- sa isang sinuggest (suggest) po ng --- na isasama natin sa priority A after the frontline health workers, senior citizen, adults with comorbidities, 'yong A4. Ito po sana 'yong mga frontline personnel in essential sectors, public and private sectors, including uniformed personnel and those in working sectors, 'yong mga nagtatrabaho po na na-identify po ng IATF na directly client facing.

Isa pong pinadagdag po namin doon 'yong food and beverage manufacturing at saka medical products manufacturing dahil po 'pag diyan po nagkaroon ng infection at 'pag nagsara 'yan, medyo delikado po ang ating supply ng mga pangunahing bilihin at food security will be at risk. So pinapasama po natin ito sa A4 or Priority A4.

And then of course may A5 --- 'yong poor population nandiyan pa rin po sa category A at may category B, 'yong mga iba pong frontliners, economic frontliners.

*[Next.]*

At ito po 'yong na-present po ng NEDA na iba pang mga economic frontliners under A4. So nabanggit na ho natin 'yong iba dito so lalaktawan na ho natin 'to in the interest of time.

*[Next.]*

Update po, Mr. President. Nag-utos po kayo na magbigay ng libreng face mask ---

**PRESIDENT DUTERTE:** Yes.

**SEC. LOPEZ:** --- para ho sa mga mahihirap. So sa ngayon po, ang atin pong tinatrabaho ay 47 million o 47,047,788 masks para ho sa mahihirap. Iyong numero sa kanan, 13.672 million ang na-produce at about 12 plus million na 'yan, na-deliver na mismo.

*[Next chart po 'yon.]*

Iyong iba po ongoing delivery sa mga warehouse po natin, 16 million. So total ho 'yan. May mga 29 na tayo na masasabi natin in the next one week or two weeks, we will have this 12 --- ah sorry, 29 about 30 million masks na libre na galing po sa opisina --- sa inyo po, ito po 'yong proyekto na pinagawa niyo po. Inter-agency po: the IATF; ng Office of the President; DTI; DOH, DOH savings po ang nagpondo rito; TESDA; DOST; ang DSWD

ang nagdi-distribute po dito at saka DILG. Ang --- at may ongoing pa na pinapa-bid po ngayon ng DBM, 17.2 million.

So very soon we will be able to distribute already 47 million free masks. Reusable po ito. Ito ‘yong makita niyo sa picture, ito ‘yong tela na may tali para sa tela. So ito po puwedeng labhan up to 20 --- 20 to 30 use ay para ho ulit-ulitin niyo itong gamitin kapag nalabhan na.

At ang maganda po dito, aside from free mask for poor communities, pinagawa po natin ito sa mga local community sewers, ‘yong mga mananahi po sa mga barangay na walang trabaho ngayon para ho double purpose ho, mayroon silang hanapbuhay at para may trabaho sila at may kikitain sila, at ‘yong ginawa nila ipamimigay sa poor communities.

And of course, may tulong din ‘yong mga local manufacturers para sa maramihang volume din and it’s creating --- it’s creating local jobs, of course, ‘pag dito ho ginawa.

*[Next please.]*

Okay. So ito po ‘yong breakdown lang but I won’t go to the details. Ito po ang breakdown sa baba po, lower left, 12.6 million na-distribute na ho sa NCR, Region III --- NCR po pinakamadami dahil dito maraming cases --- Region III, Region IV-A, Region VI, Region VII, Region XI.

At tapos ho dito ho may mga parating pa tayo at para ho tutuloy-tuloy pa rin ‘yong delivery. Ang tumutulong po dito ang --- ang DND, ang --- ‘yong OCD at saka po ang DSWD sa pag-distribute, but of course all other agencies are helping in this project. Iyon po ‘yong mga dumating na sa mga bodega po natin at patuloy na dumarating.

*[Okay po. Next.]*

Just on the ano po kung tinanong niyo po ‘yong commerce and trade, just a quick update lang po na ang investments po na nag-register sa Board of Investments, tuloy pa rin po ang paglaki despite this pandemic.

Last year po, we hit --- upper right --- 1.02 trillion. For perspective, mababa lang nang kaunti ito noong 2019 kasi ‘yon po ‘yong one point --- 1.14 trillion pesos, first time ho nating naabot ‘yong 1.14.

However, in January to December 2020, despite the pandemic, we still reached a trillion level. So second highest po, 1.02 trillion ang investments

po. And for this year, makita po natin from January to March, lumabas na po 137 billion pesos, nasa kaliwang numero, tumaas po ng 64.65 percent versus last year. Employment, 12,000 jobs up 13 percent.
*[Next slide.]*

Ito po ‵yong in-update po namin kayo last year tungkol dito, nandito po tayo ngayon sa paggawa ho ng mask. Dati ho napaka --- wala ho tayong mga gumagawa dito ng mga medical-grade, internationally certified, readily available PPEs ‵no. So from zero to hero ang tawag natin dito.

So for example po sa mask, 2.4 million pieces per month ang nagagawa po na N95 mask, dati po zero capacity. Sa upper right, ‵yong N88, ito po ‵yong suot natin madalas, ito po, 56 million pieces per month, dati 6 million pieces lang.

Ito ‵yong coveralls, ‵yong pinapatong sa ating katawan, 3.2 million pieces per month ang capacity, dati zero. At iba pa pong mga ano diyan: ventilators dati zero, ngayon 6,000 units per month; iyong meltblown or filter for face mask, ito ‵yong nasa loob ng face mask, 20 tons per month, dati po zero capacity.

So ngayon pong nagde-deve… And of course, ‵yong nasa kanan po vaccine. Mayroon pong mga pag-uusap ngayon ang BOI talking to about six local companies, nakasulat po diyan, on their plans for local vaccine manufacturing. So ito po ‵yong ginagawa natin para hindi tayo mag --- umasa lamang sa im --- sa imported na mga bibilin na vaccine in the future.

So ang amin lang pong request dito, siyempre ito po ay nagke-create ng local jobs and local manufacturing, pera ng bayan, sana para sa trabaho sa bayan. So we have to buy local. Ito po ‵yong ating pinu-push kasi ‵pag nag-buy local, madali hong makaka-recover ang ating ekonomiya kasi mare-restimulate ang economy. Thank you po.

*[Next --- next chart, please.]*

And even during the pandemic, these are just some numbers, hindi ko na ho iisa-isahin but we continue to give out mga livelihood kits, entrepreneurship seminars, mga mentoring clinic, and iba-iba pa hong mga livelihood opportunities nationwide po.

And there are some numbers here running up to 17,960 ang target pero ang na-hit po natin 56,281 na mga micro SMEs na natulungan. At ‘yong mga livelihood na ang target ay 8,000, ang nabigyan natin ng livelihood kits ay 26,240.

Kasama na rin po diyan ‘yong binudget (budget) sa atin ni Senator Bong Go kaya nakabigay tayo nang mas maraming livelihood kits doon sa mga mahihirap na mga barangay at ‘yung mga nabiktima --- biktima ng mga sakuna, okay.

*[Next chart, please.]*

We continue to provide the Diskwento Caravan. Ito po ‘yong mga tindahan na nilalapit natin sa tao sa komunidad para hindi na sila lalayo at pupunta pa sa palengke o sa grocery. Nakikipag-usap tayo sa mga manufacturers at ito dinadala sa mga malalapit sa mga barangay, sa mga komunidad, sa gym, at diyan po nagkakaroon nang maliit na mga --- na mga --- mga Diskwento Caravan kung saan ang mga LGUs together with the manufacturers and distributors nakakabenta ‘yong mga basic necessities pati ho mga agriculture products in partnership with the DA, kila Sec. Dar.

*[Next chart.]*

Tuloy po ang livelihood programs amidst the pandemic. Just to show, ito po ‘yong umiikot tayo from Luzon, Visayas and Mindanao, at ‘yan po ang patuloy na pagbibigay ng mga livelihood. Ito po simple lang po ang mga livelihood dito, para lang ho may pambenta, may hanapbuhay para pang-araw-araw ‘yong mga kababayan natin. At diyan po ay namamahagi po tayo diyan sa tulong uli nung ating mga team with Senator Bong Go at pati rin ho ‘yong mga DSWD, DA at iba pang ahensiya, NHA, kasama po ng DTI. *[Next po.]* Nationwide po ‘yan.

And doon sa assistance to former rebels. Iyong sa project po natin sa ELCAC --- NTF-ELCAC. Ito po ‘yong mga natutulungan, nabibigyan ng pangkabuhayan package. Nationwide, mga 829 former rebels po ang naabot natin dito.

*[Next chart.]*

Pati ho sa mga OFW, dahil po sa bilin ninyo na bigyan nang mas maraming opportunity 'yong mga repatriated OFWs, so tuloy-tuloy po dito ang seminar at pagbibigay po ng mga livelihood --- livelihood kits.

*[Next chart.]*

Ayan, another set of seminars sa mga kabataan at nag --- basta maliit po ang --- at hiwalay-hiwalay sila, napapayagan naman po tayo lalo na sa mga low-risk areas.

And ito naman po 'yong programang ni-launch po ninyo, Mr. President, sa ngayon po ang bottom line dito nakapagpautang na po tayo ng two point --- almost 2.6 billion ang na-release. Sa taas po ng numero na 'yan makikita natin 'yong 3 billion pesos total approved loan amount. Ang nakinabang na po, total approved loans ay 24,581. At 'yon pong regional breakdown maliit po na font pero 'di bale na po. But these are --- there are success stories because of this. Iyong mga pautang na binigay natin. Again, ito po zero interest, no collateral, at longer grace period. Bago sila --- hindi sila magbabayad agad.

*[Next chart.]*

O patapos na ho tayo, ito ho last chart ay pinakita rin ho na kahit noong pandemya, dumami rin po 'yong nag-register ng business name. Tumaas po ng 44 percent. At lalo na po 'yong e-commerce business registration dahil limited ang mobility, ito ho ang nauso, iyong mga tumatawag na lang online at magpapa-deliver, so takeout delivery. E-commerce business registration umabot ho sa 88,000 ang nag-register. Nag-umpisa lang po iyan ng 1,700. So more than 40 times ang inilaki po just last year po, 2020.

*[Next chart.]*

Ah that's the end po, Mr. President. So iyon po ang report ng DTI.

**PRESIDENT DUTERTE:** I'd like to ask the NEDA. Alam mo, simplehin lang natin ito pag-ano kasi para maintindihan ng mga tao.

**NATIONAL ECONOMIC AND DEVELOPMENT AUTHORITY DIRECTOR-GENERAL AND SOCIOECONOMIC PLANNING ACTING SECRETARY KARL KENDRICK CHUA:** Good evening po, Mr. President; Senator Bong; at sa mga miyembro ng Cabinet. Iyong ekonomiya po natin bago mag-COVID malakas po pero matagal po 'yong naging quarantine or lockdown natin, so nasa yellow po tayo. We are struggling, Mr. President.

I have a brief presentation if you will agree po, if I can share my screen.

**PRESIDENT DUTERTE:** Go ahead.

**SEC. CHUA:** Thank you very much. May I request Secretariat if I can share? O sige 'yan na lang po. So Mr. President, iyong mga key messages po anim lang po. Iyong una, we need to continue managing risks as COVID cases rise.

My recommendation po na tinanggap ng IATF din is we focus on localized quarantine and we address the highest sources of risk so that 'yong trabaho, 'yong mga kita tuloy-tuloy po. Iyong far majority naman po hindi po apektado ng COVID. Pero 'pag mahigpit po 'yong ating quarantine tulad nang nangyari in the last year, marami pong mawawalan ng trabaho.

Pangalawa po, Mr. President, when we opened the economy last October 12, we did not see a spike in cases. Iyong nag-Christmas vacation, 'yong nag-New Year, iyong first two months of 2021 'no, iyong Enero at Pebrero, hindi pa din nag-spike 'yong case.

In fact, on a general downtrend po. This is because of strict compliance with the health standards and a gradual and careful approach to opening. So if you remember, Mr. President, when we proposed the reopening, ginawa po nating dahan-dahan tapos kung may progress, we continue po.

Iyong pangatlo po, ‘yong issue that we face now is not economy versus health, it is the total health of the people whether it is from COVID, non-COVID sickness, or hunger. As I mentioned, Mr. President, isang taon na tayong nasa lockdown or quarantine. This is the longest among the countries in the world.

As a result, in NCR po 3.2 million people are estimated to be hungry, so that is 23 percent of NCR. Sa NCR din po 506,000 ‘yong walang trabaho and everyday na nasa GCQ tayo ‘yong nawawalan po ng suweldo or kita sa NCR and the adjacent provinces po in Rizal, Laguna, Bulacan, at Cavite, 700 million pesos po kada araw na nawawalan ng suweldo.

And we also have much higher deaths due to non-COVID because many people cannot afford treatment. In fact, ‘yong claims sa PhilHealth na high burden diseases ay mababa --- bumababa talaga. So in conclusion, Mr. President, we also have to look after their welfare.

*[Next slide.]*

This slide po, Mr. President, shows that since March of 2020, we have been on various level of quarantine. Iyong green po, ‘yong January, February, March of last year, ‘yan po ‘yong normal walang CQ or community quarantine.

Pagdating po ng Marso, Abril, at unang bahagi ng Mayo ECQ po tayo kaya red sa NCR at sa mga karatig na rehiyon. Tapos ‘yong pink ay MECQ, ‘yan ‘yung nagta-transition na tayo to GCQ. Iyong orange po ay GCQ, pero bumalik po ang NCR sa MECQ sa August kaya nakikita niyo po na medyo pink ‘yong sa August.

At since then, tuloy-tuloy po ‘yong ating GCQ. Sa labas po ng NCR and Region III and IV mabilis po na nag-transition sila to MGCQ kaya color yellow siya. Ang NCR po ay 32 percent ng national economy kaya kung sinara po natin ang NCR, marami po ‘yong --- malaki po ‘yong epekto sa ating ekonomiya.

Iyong Regions III and IV-A, ‘yong CALABARZON at Central Luzon, ang combined contribution sa economy 26 percent. Tapos ‘yong ibang rehiyon sa Visayas, Mindanao, Bicol and Northern Luzon, 42 percent.

*[Next slide, please.]*

Everyday po na nasa quarantine tayo last year ‘no, 2.8 billion pesos po ang nawawala. Ito po ‘yong datos na nakikita po natin --- or a total of 1.04 trillion. So on average po, every worker is losing 23,000 pesos per worker per year. However, itong average, it hides the wide differences across sectors and jobs. Some workers are hit much harder, especially those who have lost their jobs.

*[Next slide.]*

Gaya po nang sinabi po ni Secretary Mon Lopez, iyong nagdesisyon po kayo last October 12 na buksan ang ekonomiya, hindi po natin nakita na tumaas po ‘yong kaso ng COVID, pababa pa siya. In fact, ‘yong desisyon po namin ay base talaga sa datos.

Iyong nag-Christmas vacation, hindi pa rin umakyat ‘yong COVID. Iyong January, February hindi pa rin umakyat. That is why ‘yong original proposal ng economic team ay mag-MGCQ. Pero nag --- pumasok po ‘yong bagong variant at biglang umakyat po ‘yong ating cases sa March. Iyan po ‘yong history po ng ating cases.

Kaya po, Mr. President, sa IATF last week, nag-present po ‘yong NEDA itong cost-benefit analysis. Kung pupunta po tayo sa two weeks of MECQ, may mga benefit naman pero may cost. So halimbawa po ng benefit, ‘yong COVID cases, we can prevent up to 266,000 new cases; we can also prevent up to 4,738 new deaths; and we can prevent 11,626 new severe or critical case that will overwhelm our hospital.

Pero mayroon ding cost, ‘yong non-COVID side. Iyong hunger sa NCR, 3.2 million na at madadagdagan pa ito ng 58,000 kung pumunta po tayo sa MECQ. Tapos ‘yong unemployed na 506,000, madadagdagan pa ito ng 128,000. Iyong income loss, ito ay magiging 2.1 billion peso per day in NCR and Bulacan, Rizal, Cavite, and Laguna for each day of MECQ. At ‘yong non-COVID deaths ay mas marami pa at ‘yong treatment forgone sa PhilHealth

ay mas marami ding epekto.

Kaya po ito pong nagsasabi na --- ‘yong ibang nagsasabi po, Mr. President, na hindi po base sa siyensya o sa datos ‘yong desisyon po ng IATF at ng Cabinet sa pagbukas ng ekonomiya or pag-add ng additional restrictions ay hindi po totoo. Lahat po ng pini-present po natin sa IATF at sa Cabinet, as you may have seen, Mr. President, are really based on data at mino-monitor po namin ito para mabigyan po namin kayo ng appropriate advice to help in decision-making.

*[Last slide po.]*

Kaya ang naging recommendation namin na tinanggap po ng IATF ay limit tayo sa localized lcokdown. Huwag po nating isara ‘yong buong ekonomiya kung sa isang lugar lamang ‘yong mataas ‘yong COVID case.

Number two po, ituloy natin ‘yong public transport kasi kung kulang ‘yan, wala pong paraan na pumasok ‘yong mga manggagawa. At dagdagan po natin ‘yong active transport tulad ng bicycle kasi kung one seat apart tayo ay talagang hindi mapupuno ‘yong jeep at ‘yong bus at MRT pero marami naman willing maglakad at mag-bicycle.

Number three, ituloy po natin ‘yong curfew pero ‘yong workers huwag po natin sila abalahin dahil sila ay kailangan magtrabaho.

Number four, essential travel only outside ‘yong Mega Manila bubble. Ito ‘yong NCR, Rizal, Laguna, Cavite, Bulacan. Dito po kasi ‘yong pinakamataas na cases at ayaw natin na kumalat ito sa ibang bansa --- ah ibang lugar, ibang rehiyon ng Pilipinas kaya ito ay ginagawa po natin itong NCR Plus bubble.

Number five, ‘yong sa office, puwede naman i-reduce to 30 to 50 percent alinsunod sa memorandum from the Office of the President. Pero ‘yong ibang factories, ‘yong supermarkets, siyempre tuloy pa rin at regular capacity. Iyong dine-in sa restaurants itigil muna natin pero ‘yong outdoor dining, takeout, delivery puwede naman ituloy para matulungan din natin ‘yong mga 1 million workers sa restaurant industry.

Iyong mungkahi po natin din ay no gathering --- social, religious, cultural --- kasi ito po ay napatunayan na nag-i-spread po ng COVID. At mahalaga din sa bahay magsuot ng mask at iwasan po ‘yong tumanggap ng bisita.

So ito po ‘yong sitwasyon po natin, Mr. President. In summary, when we entered 2020 ‘no prior to COVID, we have a very strong economy, green po

tayo.  Pero dahil sa COVID at dahil sa priority to help the people cope with COVID and to help our hospitals, nag-quarantine po tayo nang matagal at naging yellow po tayo.

Pero ang gusto kong ibalita 'yong ating projection sa GDP growth rate ay babalik sa positive this year, 6.5 percent. Ituloy lang po natin 'yong risk management, 'yong paggamit ng pondo nang maayos para tulungan 'yong mga nasa --- na-affect ng pandemic, at 'yong ating vaccination program ay mabilis natin ipairal.

Maraming salamat po, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** Salamat, Secretary Chua. Who else would want to…? Iyong panel. I need to look at the panel. Si… Itong si ano, tama, si Dr. Domingo ng Food and Drug. Alam mo, maraming tanong kung may na-approve na kayo na ibang bakuna aside from the ones that you are using now. What are your --- ?

**FOOD AND DRUG ADMINISTRATION CHIEF ERIC DOMINGO:** Yes, sir. Mayroon po akong report na maiksi po, update po doon sa mga application po natin ng vaccination, ng mga vaccine po na nag-apply sa atin.

*[Ayon. Sa first slide, please. Sa una po, bandang huli na 'yan eh. Pakilagay sa una.]*

As of March, ito po 'yong mga status po ng mga vaccination po natin, Mr. President, Senator Bong Go, good evening, at saka sa mga Cabinet members po.

So far po ang application po natin ng EUA sa FDA ay lima. Na-grant na po natin ng EUA 'yong Pfizer-BioNTech; AstraZeneca; 'yon pong Sinovac; pang-apat po 'yong Gamaleya, 'yon pong Sputnik V, in-approve na po natin 'yan last week.

Ang pending na lang po natin na application ay 'yong isang bakuna po na galing sa India, 'yong Covaxin from Bharat Biotech. Nag-submit po sila noon pong March 9 nung kanilang clinical trial data kaya tinitingnan po ngayon 'yan noong ating mga ano, mga vaccine expert panel po natin. So 'yan lang po 'yong pending natin. Iyong apat approved na po 'yon.

*[Next slide.]*

Iyon lang po. Ito po naman ay sa mga bansa po na gumagamit sa Sinovac,

hanggang ngayon po ‘yong Sinovac wala pa po silang binibigay sa atin na trial --- na clinical trial data nila para sa mga ages 60 and above kaya hindi pa po natin ma-expand ‘yong kanilang EUA. Hanggang ngayon 18-59 years old at naghihintay lang po tayo ng datos.

Totoo po na sa ibang bansa ginamit muna nila sila sa 18 to 59, tapos nag-expand po sila sa mga elderly ‘no, sa mga ibang 11 countries. However, mayroong apat na bansa pa po kasi na hindi siya ginagamit sa above 59 years old kasama po ang Pilipinas, ang Thailand, ang Chile, at saka ‘yong China. Iyon pong bansa na pinanggalingan niya hindi pa po nila siya ginagamit sa 60 and above dahil nga po kulang pa sila ng datos for the elderly.

Kaya dito po sa atin, until magkaroon po ng information and more data on the use of the vaccine in the elderly, ngayon po limited pa ang ating use niya to 18 and 59 years old.

Mayroon na rin pong several meetings na kinonduct (conduct) ang FDA ‘no para po dito sa mga EUA natin. Iyon pong tatlong kompanya na alam po natin na approved na po sa US: ‘yan pong sa Moderna at saka ‘yong sa Janssen, pati po ‘yong Novavax ‘no. Iyon pong galing naman sa Serum Institute of India nakausap na rin po namin ng several times ‘yan at alam na po nila ‘yong requirements and we have ano encouraged them to ano to start ano applying already pero until now hindi pa rin po sila nag-a-apply. So pina-follow up naman po namin sila regularly at sinasabi po nagpe-prepare pa rin po sila ng kanilang ano ng kanilang application.

*[Next slide, please.]*

At ito lang po, for the information of everybody, alam ko po lahat kayo nakakarinig ‘no nang kung ano-ano tungkol po doon sa Ivermectin. Iyong Ivermectin po gamot po ‘yan for parasites na may mga clinical trial na ginagawa ngayon to see kung makakagaling po siya ng ano ng COVID-19.

However, naglabas po ng babala ng announcement ang FDA to remind everybody na huwag pong gagamit ng Ivermectin for animals. Dito po kasi sa atin sa Pilipinas, walang registered na Ivermectin for human use. Para po sa mga alagang aso ‘yon pong Ivermectin dito at hindi naman po safe gamitin ng mga tao ‘yon. So sinabi po natin na hindi ‘yan puwedeng gamitin ng tao.

Tapos mayroon pong mga grupo ng mga espesyalistang doktor na nag-meeting po noong isang araw at tiningnan po nila lahat ng datos at hindi pa po kasi convincing ‘no ‘yong data, ‘yong evidence for the use of Ivermectin.

So ang kanilang advice is huwag muna 'no, it's not yet recommended for the management of COVID-19.

But of course the clinical trials will be going on and if we get more information, then maaari naman pong magbago. Pero sa ngayon, hindi pa po siya kasama sa treatment guidelines ng DOH for COVID-19.

**PRESIDENT DUTERTE:** Sige, go ahead, you still have a…

**CHIEF DOMINGO:** Wala na po, sir, tapos na po. Iyon lang po 'yong aking updates.

**PRESIDENT DUTERTE:** So ang PNP, are you there?

**PHILIPPINE NATIONAL POLICE CHIEF DEBOLD SINAS:** Yes, sir.

**PRESIDENT DUTERTE:** Do you have a rep --- do you have something to report?

**CHIEF SINAS:** Yes, sir. There is, sir.

**PRESIDENT DUTERTE:** Sige, go ahead. I --- we would like to know how --- then we will ask also the si ano, si Atty. Abalos sa kanyang report.

**METROPOLITAN MANILA DEVELOPMENT AUTHORITY CHAIRMAN BENHUR ABALOS:** Yes, sir.

**CHIEF SINAS:** Thank you, Mr. President. To our President, Mayor Rodrigo Roa Duterte; Executive Secretary Salvador Medialdea, sir; Senator Christopher Lawrence Bong Go, sir; other Cabinet secretaries; head of agencies; the AFP Chief of Staff; other officers of the AFP and PNP present; fellow workers in the government; good evening.

Allow me to present to you the update of the Philippine National Police in the implementation of IATF Resolution No. 104. In order to properly implement the IATF Resolution 104, the PNP has established quarantine control points to primarily restrict the movement of unauthorized persons to and from the bubble area. The slide shows the authorized person to enter the NCR bubble plus boundaries.

*[Next slide.]*

Guided by the IATF Resolution No. 104, the PNP implemented the following protocol to control the movement of people inside the bubble area

designated and these are based on the IATF Resolution No. 104. And these have been implemented by all the quarantine facilities of the PNP in NCR, Bulacan, Rizal, Cavite, and Laguna.

*[Next slide.]*

This is the representation of the bubble area and location of 52 established quarantine control points to restrict the movement of an unauthorized person going in and out of the NCR bubble. Additional 9 QCPs were established along SLEX and NLEX within NCR area to restrict the movement and monitor the movement of unauthorized personnel.

Of the 52 established quarantine control points, we have 27 control points in Bulacan; 19 in Laguna; four in Cavite; and two in Rizal provinces.

Shown on the screen, as of March 24, 2021, a total of 3,652 personnel were deployed to man the 61 QCPs 24/7 in NCR, Bulacan, Laguna, Cavite, Rizal provinces.

Update on the enforcement and monitoring of compliance to the minimum health standards. From August 20, 2020 to March 23, [20]21, we have recorded a total of 1.5 violations for minimum public health standard in the entire country.

These comprise the five common minimum public health violations such as not wearing face mask, not wearing face shield, mass gathering, social and physical distancing, and violation of RA 11332 or the Non-reporting of [Notifiable] Disease.

Based on the data shown, the violation for non-wearing of face mask is consistently the number one violation committed by the public. On the month of September 2020, the violation for non-wearing of face mask at social distancing recorded its highest number of violations.

The data for NCR for violations of the minimum health protocols clearly shows that consistent violations of not wearing face mask for the month of November reaches at 39,000 violations.

Meanwhile, for Region III, it is significant to note that non-wearing of face masks is the number one violation committed for the last eight months and the highest were recorded in the month of September for a total of 6,248.

*[Next slide.]*

Further, in PRO IV-A, it... *[Next slide, please.]* In PRO IV-A, it recorded also a non-wearing of face masks as the number one violations committed. The month of December and March recorded the highest number of violations.

*[Next slide.]*

Result on the Implementation of the Uniform Curfew Hours in NCR from March 15 to March 23, 2021. Shown on the graph is the uniform curfew hours implemented in NCR as yielded the result for the period covered.

Manila Police District has the most number of apprehended violators despite the lowest number of deployed curfew implementers.

Southern Police District has the second highest number of apprehensions followed by the Eastern Police District, Northern Police District, with QCPD registering the least number of violators apprehended.

The Regional Mobile Force of NCR has apprehended a total of 291 violators. Of the total number of 27,513 violations, 10,000 or 38.39 percent were fined.

While in the areas of Bulacan, Cavite, Laguna, Rizal, which are now part of the bubble, are still awaiting directive from the DILG for the uniformed implementation of the curfew hours just like in NCR. The four areas has no --- has no curfew being implemented.

Assessment. On the recorded mandatory health protocol for the past eight months, the highest recorded violation is the non-wearing of face masks. As to the number of occurrence of 1.5 million recorded nationwide, NCR recorded the highest number of violators, which is 260,000 or 17.31 percent.

Starting from the month of September 2021, there is an observed downtrend in the recorded violations in the minimum health standards.

On the total number of 24,800 recorded violations of the uniform curfew hours in NCR covering the period March 15 to 21, Manila recorded the highest number of violations with 7,288 recorded cases.

In comparing the reported of COVID cases versus the reported violations in the compliance to the minimum health standards and curfew in NCR area covering the period March 15 to 22, there is an observed decrease in the reported of COVID cases in six days after the implementation of the uniform curfew hours.

Continued support to the LGUs and other government agencies in charge of the expanded socio-economic activities in the strict implementation of curfew and minimum health standard.

The PNP sustained the massive information drive in compliance to the minimum health standards. Also, we are recommending that the inclusion of the deployed JTF personnel in the priority of the vaccination program if possible.

Mr. President, despite some challenges and limitation, the PNP is very proud to say that we have done our best and accomplished a lot of breakthrough and milestones. We have shown time and again that with the aid of Almighty and by working together with other agency, inspiring each other and subordinating personnel interest for the attainment of common visions and goal, joint objectives, and interest of our organization and country, we could achieve greater things.

The PNP assures you, Mr. President, and the public that we will continue to defend the weak and maintain the rights of the afflicted one and the destitute and deliver them to the hands of our workers.

With this, thank you very much at mabuhay po tayong lahat. Thank you po, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** Chairman Abalos.

**CHAIRMAN ABALOS:** Yes, sir.

**PRESIDENT DUTERTE:** Can you give me a report of what is happening?

**CHAIRMAN ABALOS:** Magandang gabi po, mahal na Presidente; Senator Bong Go; Executive Secretary Medialdea; sa mga Cabinet members po; General Debold Sinas; to my fellow colleagues in government; magandang gabi po sa inyo.

Mr. President, this is the Metro Manila situationer. Right now, we've got 216 cases in the NCR and 21,000 active cases with 5,000 deaths.

*[Next please.]*

Well, I would just like to point this out, Mr. President, as a backgrounder. Noon pong February 22, ito po 'yong talagang napakababa ng kaso sa NCR na pinag-iisipan noon na baka mag-MGCQ na lang 'no.

In fact, nag-present po ang economic team noon na medyo luwagan at sabi nga ng mga mayor baka puwede nang luwagan. At that time po, ang kaso is 3,767. Pero kung maalala po ninyo, ang sabi po ninyo ay huwag muna dahil po i-GCQ na lang 'no. So it was vetoed by you, Mr. President.

And true enough, nagulat po ang mga tiga-Kalakhang Maynila, in just a period of three weeks, tatlong linggo lang po, from 3,767 ang kaso ng active cases ay halos 3.5 percent, naging 12,029 'no. So...

*[Next please. Next slide.]*

So dahil po rito, dahil biglang 'yong spike na ito, talagang nabigla po ang mga alkalde ng Metro Manila. Kaysa po magkanya-kanya --- kasi po mahirap magkanya-kanya sa Kalakhang Maynila dahil iisang lugar lang po kami. We have very porous borders. So nagkaisa po ang mga alkalde na magkaroon ng tinatawag na curfew. This was March 15 po ito, March 15, which is from 10 o'clock to five o'clock in the morning po.

*[Next please. Next slide.]*

At hindi lamang po curfew, ang ginawa rin po ng mga alkalde ay tinaasan po 'no 'yong edad 'no na pupuwedeng lumaba --- ah pupuwede. Bawal po ang 17 and below na lumabas 'no. Hindi 15, 17 and below. So ang puwede lang is between 18 to 65.

Again, lahat ng alkalde ng Metro Maynila ay nagkaisa po rito 'no. Mas maganda 'yong uniform po ang kanilang policy. So within this period, ano po ang ginawa ng mga alkalde ng Kalakhang Maynila?

*[Next slide please.]*

Ito po. Talagang we really had talagang massive interventions 'no. We've got contract tracing, very aggressive po. Nagbigay po si Secretary Vince, ang PNP --- mamaya, i-explain ko po 'yong mga binigay ng PNP po rito at ng MMDA --- aggressive community testing, isolation, and granular lockdowns.

*[Next please.]*

Sa contract tracing po, dahil napakaimportanteng malaman dahil kung may isang taong paikot-ikot, baka makahawa siya. Dapat mahanap kaagad siya. Mag-a-allocate --- nag-allocate po ng 300 contact tracers sa 17 LGUs ang MMDA.

Samantala ang PNP 'no, sa --- of course, marami pong salamat sa PNP, kay Usec. Florece po, Bernie --- ng 362 virtual contact tracers 'no. This is on top, Mr. President, sa mga contact tracers pa ng mga LGUs. Marami rin po ang mga alkaldeng may kani-kanyang contract tracers. So ito po 'yong talagang tinutukan po nang husto.

*[Next slide, please.]*

Ngayon, ito pong aggressive community testing, napakamahal po ng mga tinatawag na swabbing halos 4,000 ang isa. Pero nagpapasalamat po kami kila Secretary Vince at sa IATF, sa Red Cross, nabigyan po ang Kalakhang Maynila ng kulang-kulang 25,000 'no.

So dahil po rito, kung makikita po natin, in just a period of six days --- anim na araw --- 23,595 has been swabbed or a daily average of 3,933. Itong numero pong ito, Mr. President, ay isa sa pinakamalaki pong nagawang swabbing 'no. So this is also on top of the LGU testing. Bukod pa ho ang mga tests na ginagawa na kanya-kanya ng LGU.

*[Next please.]*

At hindi lang po 'yon. Napakaimportante na maihiwalay po kaagad 'no 'yong mga asymptomatic kasi kung minsan sasabihin ng iba “asymptomatic ako, sa bahay na po ako" 'no. Delikado rin po 'yon dahil sabi nga ni Secretary Duque, talagang 'yon ang mga nakakahawa. Kung minsan lumalabas ng bahay.

Kaya bukod po doon sa isolation facilities sa mga LGU ay ang MMDA po, ito pong Oplan Kalinga 'no ng Office of the [Civil] Defense ay tumutulong po tayo dito at ito po 'yong mga hotel na nakuha, ang occupancy rate po sa ngayon ay 91 percent. At hindi lamang po 'yon. Ako'y nagpapasalamat po kay Secretary Duque dahil sumulat po kami kay Secretary Briones para hiramin po 'yong mga eskwelahan 'no kasi napakalaking bagay na imbes na mag-hotel, baka puwedeng sa eskwelahan na lang po 'yong mga ibang may sakit, asymptomatic at bukod po rito ay magamit nila sa vaccination. Hawak ko nga ho itong sulat na pinapayagan po ni Secretary Briones ito. Kaya nagpapasalamat din po kami sa DepEd. Malaking tulog po ito talaga sa lahat ng mga alkalde po ng Kalakhang Maynila.

*[Next please.]*

Ngayon po, bukod po rito ay may tinatawag kaming Temporary Treatment and Monitoring Facilities 'no. Ito po 'yong para sa mga positive na may mild 'no. Imbes na sumiksik po sila sa ospital, siguro sa ospital dapat 'yong medyo malub --- iba na ho ang kaso.

Pero kung ang kaso naman nila ay for monitoring lang, temporary, for mild na symptomatic po 'no, baka puwedeng dito muna sa tinatawag ni Secretary Duque na TTMF isolation facilities. So ito po 'yong mga nakuha po namin. At sa ngayon po, ang occupancy dito is about 71.48 percent.

*[Next slide please.]*

Ngayon, bukod po roon sa ginawa na po ang testing, ang lockdown talagang masusian po for one week, ito po ang pinakaimportante sa lahat at ito po ang sinasabi ni Secretary Karl. Imbes na isarado buong Kalakhang Maynila, ang ginawa po ng mga alkalde ay pininpoint (pinpoint) nila ang tinatawag nating mga kaso 'no. May mga clusters of cases kasi. Let's say isang kalye lamang o isang barangay na puwede nilang ipasarado. So all in all, it's about 169 ang nandirito po 'no, nakatalata na lockdown, granular lockdowns ang nagawa po ng mga alkalde ng Kalakhang Maynila in a period of six days 'no.

Mahirap din gawin ito dahil papakainin mo 'yong mga tao, talagang gumagastos po ang mga mayor dito pero napakaimportanteng gawin ito.

Ngayon dahil po rito --- *[Next please. Next slide.]* --- ngayon po, let --- just let me give you sir, Mr. President 'no, ito'y nakita ko lang kanina 'no. Gusto ko nga ipakita din kay Secretary Duque. Iyong dalawang slide po sa taas --- hindi ko na po nilagay kung anong LGU ito 'no --- but if you would notice the red --- the red line po, pataas. Ito po 'yong tinatawag na active case 'no. Iyong death, pababa --- ah 'yong blue. Kung papansinin niyo po, ang spike talagang pataas, talagang sobrang pataas pa rin, hindi tumitigil.

But tignan po natin sa baba. Ito po 'yong Lungsod ng Pasay. Bakit ko po kinuha ang Pasay? Sapagkat kung matatandaan po ninyo, iyong Pasay ang unang tinamaan nito 'no. And I do believe, personally, baka ito 'yong mga unang mga variants.

Kaya Pasay came ahead before the March 15. Siguro nauna siya ng mga eight or even 10 days before. Pero tignan po natin 'yong record ng Pasay. Iyon pong pula pataas pero at the height 'no, siguro ang spike niya from March 9 to 12 is about from 515 to 735, that's a difference of 220. Isipin niyo 220 nag-spike, tapos nag-spike na naman ng 88. Pero hopefully, ngayon, parang nagpa-plateau na siya 'no, 33 na lang. From a high of 220, 88, nag-42 na lang po. Sana po sa ginawang efforts na ito ng mga LGU, sana ganito na ho ang maging trend.

At nagpapasalamat din ako sa IATF na naggawa po sila noong March 30 --- *[I'm sorry, malabo po ang mata ko.]* --- I think this was March 22 ano or March 20 ng isang IATF Resolution na 'yon nga iba-bubble na ang NCR at nakalagay na nga ho rito, pinag-isipan talaga ito 'yong mga activities, karamihan nga po 'yong sinasabi ni Secretary Karl Chua.

*[Next please.]*

At bukod po rito, dahil po itong issues about gym and spas, ito po’y binigay ng DTI for the mayors para mga mayors mag-decide, gumawa rin po ng resolution ang mga mayors. Again 'no, iisang boses lang ang Metro Manila eh. Kailangan po ito dahil mahirap pa-iba-iba baka lilipat lang po. Like the gym, kung bukas po sa Quezon City kunyari, tapos pasarado naman dito sa isa, maglilipatan lang po lahat sa Quezon City and vice versa 'no or even let's say sa Mandaluyong or sa Makati. So kailangan pare-pareho.

So dahil po rito ay nagkaroon din ng resolution, at sa resolusyong ito sinasabi lahat po ng spa, lahat ng gym, at internet cafe po ay ipapasarado.

So asahan ninyo po sa Kalakhang Maynila, lahat po ng alkalde, walang malaki, walang maliit, iisa lamang po ang boses. At masaya kami dahil hindi lang Metro Manila, ngayon kasama pa namin ang mga tiga-Rizal, mga tiga-Bulacan, ang mga tiga-Laguna at mga tiga-Cavite.

*[Next slide, please.]*

Okay. So maraming salamat po, Mr. President. Thank you.

**PRESIDENT DUTERTE:** Thank you, Mr. Chairman.

Lahat naman siguro nakapag-report na? I think sa DILG na lang ang kulang if you have something to report or to say?

Ang iyong --- medyo mabigat ang DILG kasi alam mo, Secretary, karamihan ng mga follow-up conta --- contact tracing, eh nasa iyo 'yan eh, nasa inyo karamihan. But you know, you --- at your disposal is may PNP ka, may --- at saka may... Well, the local government is always under your supervision and you can ask them to help also.

You have something to report?

**DILG UNDERSECRETARY BERNARDO FLORECE JR.:** Yes, Mr. President, thank you very much and good evening to everyone.

**PRESIDENT DUTERTE:** Go ahead.

**USEC. FLORECE:** I'll be giving updates on the preparations being made by the LGUs as far as the vaccination program. There are only two slides. However, let me just show to the first two slides that would show iyong efforts ng NCR in coordination with the MMDA Chair, Chairman Abalos, this is after our consultation with the DOH Secretary, Secretary Duque, noong tumataas pa lang 'yong bilang ng cases sa NCR ay immediately nag-respond na 'yong MMDA at tumulong po dito ang PNP.

So noong umpisa pa lang po, Pasay pa lang 'yong ano --- Pasay pa lang 'yong tumataas, nagtulong-tulong na po and, in fact, other LGUs as far as Paranaque, Navotas, ay tumulong na po nang nagdagdag ng contact tracers sa Pasay and then our PNP also augmented so that ito naman po ay ayon na rin sa utos niyo na paigtingin natin ang implementation ng minimum health standards sa barangay level. So katulong po ang mga barangay tanod and barangay officials and with the PNP so kaya po napababa natin 'yong cases sa Pasay. Bagamat napababa natin ito, nagkaroon din ng spike sa other areas and so ang ginawa po natin ay nag-augment din tayo ng contact

tracers coming from other regions, although virtually lang ang kanilang ginagawa.

So ito po ‘yong mga nag-conduct ng checkpoints, patrols, and then granular lockdown and then other implementation of minimum health standards. So ito lang po ay nagpapakita ng mga efforts na ginawa natin together with MMDA and the PNP.

Now on the preparation of the LGUs in so far as the vaccination program is concerned, the next chart would show the activities...

*[Kindly show the next slide, please.]*

We have directed them to prepare some activities so that just in time for the arrival of the vaccines in their respective areas at least we are prepared.

So ni-require natin, for example, na magkaroon sila ng communication plan and then --- or information campaign. And so far, we already have 939 LGUs which comprise 57 percent na nag-conduct na ng information campaign.

And then following the priority list, inutay-utay po natin ito so that kung sino 'yong mauuna na babakunahan ay mayroon na silang prepared na master list. So as far as the master listing of health human resources, 'yong mga doctors, nurses, midwives, tapos na po ito at nag-uumpisa na rin naman. But so far per our record, 961 have their respective master list.

And then sinunod po natin 'yong master list ng senior citizens at 807 na rin po ang LGUs na nakapag-prepare nito. And then ayon na rin po sa kautusan ng ating mahal na Pangulo, na kung pupuwede unahin natin 'yong mga indigents, especially 'yong mga informal settlers after the senior citizens.

So hiniwalay na po natin 'yong master list nito. So far we have 719 LGUs who have already their master list. And then of course followed by the other eligibles, nandiyan na po 'yong nabanggit kanina 'yong A4 according to the priority list.

The next chart is the continuation of the other activities. They have already identified also the vaccination sites. So 'yong 957 LGUs ay nakapag-identify na po ng 300 --- 3,710 vaccination sites.

And then 'yong cold chain storage naman or warehouses, mayroon na ring 1,543 'yong 748 na LGUs. And then we require them also to conduct vaccination simulation exercises and so far 530 have already conducted

simulation exercises. A total of 995 na ang kinonduct (conduct) nila, 'yong iba nga paulit-ulit.

Now for other logistical requirements, for example, ambulance, and then 'yong nasabi niyo po na kung puwede 'yong buses na kung puwedeng i-convert for vaccination site and then kung mayroon silang other transport facilities, 'yong generator sets, at least 898 LGUs na po ang mayroon nito. And then we also require them to convert 'yong kanilang Emergency Operations Center from COVID-19 EOC to now the vaccine EOC.

And then the last po 'yong mobilization on preparation of our barangay personnel. Ito po 'yong nabanggit ni --- ng ating Presidente na dapat katulong natin ang mga barangay officials, especially the barangay tanods and the --- and then the BHERTs or the Barangay Health Emergency Response Teams. So 893 na po ang preparado na na mga barangay totaling 55 percent.

So overall, Mr. President, more than 50 percent of our LGUs are prepared for the vaccination.

And that would be all, thank you very much.

**PRESIDENT DUTERTE:** Salamat. I think we'll wind up. But before that, I'm going to read our continuing effort to purge government of misfits, iyong napaalis. This time I will focus on the PDEA.

Ang napaalis: Angelito Aragona - Intelligence Officer, Philippine Drug Enforcement Agency. Grave misconduct for testing positive for drug use. Loko na. Prior to his dismissal, Mr. Aragona was dropped from the rolls on May 28, 2019; hence, the accessory penalties of cancellation of eligibility, forfeiture of retirement benfits, and permanent disqualification from holding public office and barring from taking Civil Service examination.

Ang sunod si Allan Alfred Wee Sit - Intelligence officer. Grave misconduct. Hindi ko na lang basahin kasalanan puro ito ano. Marvin Pabalate, dismissed; Henry Saclao, dismissed. Ito, itong g***** ito, for demanding and receiving money from the examinees of the NAPOLCOM Computer-Assisted Examinations in exchange for facilitating their passing. Mayroon talagang ahas maski saan. Cirilio Dangay - for exacting money from police recruits and deceiving them into believing that he could facilitate the processing of their police eligibilities and waivers.

Alam mo iyang --- kayo bang mga g***, hindi ako mag-dalawang isip ma-dismiss kayo. Alam mo kung bakit? Maraming Pilipino diyan sa labas na

walang trabaho, nangangailangan ng trabaho. There are a lot of Filipinos jobless, qualified but no opportunity.

Kaya ako, ang sabi ko huwag na 'yang suspension-suspension, ‘pag nag-misconduct na ganoon na ano, i-dismiss mo na kaagad. Maraming gusto sa maging --- we are producing graduates of Criminology. There are so many --- maybe thousands of them. Maraming gustong magpulis. So kayo, hindi ko kayo pa --- kaunting magkamali lang, diretso labas na kayo at maraming papalit sa inyo.

Also iyong mga gustong magpulis, huwag kayong magbigay. Sabi ko sa inyo kung may manghingi para ipapasa kayo o pahirapan kayo, 8888, sabihin mo kung sino 'yong tao. Huwag mo lang ilagay 'yong pangalan mo. Report mo lang. Kung gusto mo magpunta ka dito sa aking opisina, sabihin mo lang diyan sa guwardiya na gusto mong magreklamo dahil ganoon, "Sabi naman ni Mayor na puwede kaming lumapit sa kaniya, sa opisina niya." At nakikinig naman 'yong mga... Basta totohanan 'yan, hingi ng pera, kung ano-anong kalokohan sa mga --- lahat, babae o lalaki na magiging pulis, anything that is out of the rules, papatulan ko 'yan.

Medyo humihina na ang negosyo sa gobyerno sa kotong. DPWH hindi pa ako nag-umpisa nang balasa. But those that have been mentioned, they continue to just floating status.

Maybe until the end of my term. Kung hindi ko kayo mapaalis, I am also filing cases against you sa Ombudsman. The Ombudsman can be of great help. But kung hindi pa walang --- matagalan pa, 'yong napangalanan ko dito, hindi na kayo makabalik sa... Ganoon ‘yan, ibalik ko kayo puro kkrrkk, kkrrkk, kkrrkk. Tawag diyan sa amin, karate, karr, karr, karr, 'yan. Karate dito, karate; pera doon, pera dito. Iyan ang mahirap kasi ang gobyerno hindi atin. This is not a private property of anybody. It belongs to the people of the Philippines. So bantay kayo.

Kung hindi pa ako na... If you are not yet convinced that I am dead serious, then that would be your undoing.

Maraming salamat po sa pagpakinig ninyo sa amin. I hope you will --- you have accumulated more knowledge about government and how we work. Thank you again. *[applause]*

**--- END ---**